

**Simula sa Ika-1 ng Marso, 2022 ang patakaran sa beripikasyon ng bakuna sa King County ay hindi na epektibo.**



**Ano ang ibig sabihin nito?**

Hindi na kakailanganing magpakita ng katibayan ng bakuna, o ng negatibong pagsusuri ng COVID-19, upang makapasok sa mga restawran at bar, panloob na kaganapan sa libangan at establisyemento, o mga panlabas na kaganapan.



**Public Health**  
Seattle & King County







## Bakit tinatapos ang patakarang ito?

Bumababa ang mga bilang ng impeksyon sa COVID-19 at ng mga naoospital

Mas maraming tao ngayon ang nabakunahan at protektado laban sa COVID-19



Simula ng pinagtibay ang patakarang ito, ang bilang ng mga taong ganap na nabakunahan ay tumaas mula 68% ng kabuuang populasyon hanggang ngayon ay halos 80%




Ang biglang pagdami ng Omicron ay maaring dumagdag sa imyunidad ng komunidad, kahit man lang sa maikling panahon.



## Bakit tinatapos ang patakarang ito?

Ang pangkomunidad na imyunidad ay kapag sapat na mga tao sa isang lugar na hindi na tinatablan sa isang nakakahawang sakit, nagiging mahirap ang pagkalat ng impeksyon sa bawat isa.



Nagpapasalamat kami sa mga negosyo at miyembro ng komunidad ng King County na sumunod sa aming patakaran sa pagpapatunay ng bakuna at pinahahalagahan ang kanilang patuloy na pagsisikap na makatulong na mapabagal ang pagkalat.

Para sa mga negosyo, mahalaga na:

- Patuloy na pagbutihin ang bentilasyon
- Suportahan ang pagbabakuna para sa mga empleyado
- Hikayatin ang mga empleyado na manatili sa bahay kapag may sakit
- Ipatupad ang mga patakaran sa panloob na maskara




Maaari pa ring piliin ng mga negosyo at organisasyon na ipatupad ang sarili nilang mga patakaran sa pagpapatunay ng pagbabakuna



Para sa mga indibidwal,  
mahalaga na:

- Magpabakuna at magpa-booster kung nararapat
- Iwasan ang matatao at mahinang bentilasyon sa mga panloob na mga lugar
- Gumamit ng mataas na kalidad at angkop na mga maskara sa mukha
- Bumukod sa iba kung ikaw ay may sakit





Para sa mga indibidwal,  
mahalaga na:

Magkwarantenas sa iba kung ikaw ay hindi na-update sa iyong mga pagbabakuna at ikaw ay nahantad sa isang taong may COVID-19

Magpasuri kapag posible kung mayroon kang mga sintomas o ikaw ay nahantad sa COVID-19

Dagdagan ang pag-iingat kung mahina ang iyong resistensya

